**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**
**AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**JUNE 2, 2020 (11:01 A.M. – 11:54 A.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang araw po sa lahat ng ating mga kababayan na kasalukuyang nakatutok sa ating programa – mapa-telebisyon man, radyo o sa online streaming. Ngayon po ang ikalawang araw ng implementasyon ng General Community Quarantine dito sa Metro Manila at sa mga piling lugar sa ating bansa. Mula po sa Presidential Communications Operations Office, ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar.

**USEC. IGNACIO:** At ako naman po si Undersecretary Rocky Ignacio mula pa rin sa PCOO at kasama ninyong magbabalita tungkol sa health crisis na kasalukuyan nating nararanasan hindi lamang dito sa bansa kundi sa buong mundo.

**SEC. ANDANAR:** Basta laging handa at sama-sama, kaya po natin ito. Bayan, halina at samahan ninyo po kami dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

**USEC. IGNACIO:** Secretary Martin, alamin na natin ang pinakahuling balita ng kaso ng COVID-19 sa bansa. Naitala ang 18,638 total number of COVID-19 cases sa bansa matapos itong madagdagan ng 552 reported cases as of 4 P.M. kahapon; 119 sa Dagdag na kasong ito ang fresh cases, habang 433 ang itinuturing na late cases. Nadagdagan naman ng pitumpu ang bilang ng mga gumaling sa kabuuang bilang na 3,979 recoveries; habang tatlo ang naidagdag sa mga nasawi sa kabuuang bilang na 960 deaths.

Ayon sa Johns Hopkins University and Medicine, mayroon nang 6,679,668 COVID-19 cases sa buong mundo kung saan 2,674,140 na ang naka-recover; habang 373,973 ang nasawi. Nasa ikatatlumpu't siyam na puwesto po ang Pilipinas sa may pinakamataas na bilang ng kaso ng COVID-19 sa buong mundo.

**SEC. ANDANAR:** Sa Timog Silangan ng Asya na tinatayang nasa 92,674 na ang kabuuang kaso ng COVID-19, kung saan 2,805 ang namatay mula sa sakit at 44,183 ang naka-recover dito. Nasa ikatlong puwesto pa rin ang Pilipinas sa may pinakamataas na bilang ng kaso ng COVID-19 sa rehiyon at nangunguna ang Singapore na may 35,292 confirmed COVID-19 cases. Pangalawa ang Indonesia na may 26,940 confirmed COVID cases.

Para po sa inyo at ng inyong mga katanungan/concerns tungkol sa COVID-19, maaari ninyo pong i-dial ang 02894-COVID o kaya 02894-26843. Para po naman sa mga PLDT, Smart, Sun at TNT subscribers, i-dial ang 1555. Maaari ninyo ring tawagan ang hotline numbers ng iba't

ibang ahensya ng ating pamahalaan na makikita ninyo po sa inyong TV screens. Patuloy po kayong makibalita sa mga pinagkakatiwalaang sources ng impormasyon sa COVID-19; maaari ninyo pong bisitahin ang covid19.gov.ph.

**USEC. IGNACIO:** Maya-maya naman po makakasama rin nating magbabalita sina Dennis Principe ng Philippine Broadcasting Service; Danielle Grace De Guzman ng PTV Cordillera; at Regine Lanuza ng PTV-Davao.

**SEC. ANDANAR:** Makakapanayam natin ngayong araw na ito sina Usec. Maria Rosario Vergeire, ang Tagapagsalita ng Department of Health; Usec. Ruth Castelo ng Consumer Protection Group ng DTI; si Cielo Villaluna, ang Spokesperson ng Philippine Airlines; Maria Agnes Cervantes mula sa Philippine Embassy in Rabat, Morocco; at si Charo Logarta Lagamon, ang Spokesperson ng Cebu Pacific.

**USEC. IGNACIO:** Bayan, kung may nais po kayong itanong sa ating mga resource persons, i-comment lang po ninyo sa ating live feed at sisikapin natin itong bigyang ng kasagutan.

At para naman po sa ibang mga balita, maging vigilant at patuloy na sumunod sa mga health protocols sa kadahilanang hindi pa natatapos ang COVID-19 pandemic sa bansa. Ito ang naging paalala ni Senator Bong Go sa publiko matapos ideklara ni Pangulong Rodrigo Duterte ang implementasyon ng General Community Quarantine sa Metro Manila at sa mga piling lugar gaya ng Pangasinan, Baguio City, Region II, Region III at Region IV-A base na rin sa rekomendasyon ng Inter-Agency Task Force o IATF.

Samantala, nananatiling nasa ilalim ng Modified Enhanced Community Quarantine ang Cebu City sa Kabisayaan.

Sa ilalim ng GCQ ay mas marami na pong negosyo ang magbubukas at magkakaroon ng limitadong transportasyon ngunit hindi raw ibig sabihin nito na kapag GCQ ay maaari na kayong magliwaliw at mamasyal. Ang pakikiisa at pagkakaroon ng disiplina ng bawat isa sa atin ay malaking tulong upang tuluyan nating malampasan ang COVID-19 pandemic at umusad na po tayo sa tinatawag na new normal.

**SEC. ANDANAR:** Patuloy na ring ipinanawagan ng Senador sa publiko na huwag basta-basta maniniwala sa mga scam at fake news na dinadawit ang kaniyang pangalan at ng ating Pangulo sa pagbili at pagbebenta ng medical supplies. Kaugnay nito ay handa umano siyang magsiyasat upang mahuli at pananagutin ang sinumang inaabuso at sinasamantala ang kasalukuyang krisis na ating nararanasan upang kumita lamang ng pera.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, para naman po mas mapalakas pa ang healthcare system sa bansa partikular ang kapasidad ng mga pampublikong ospital at serbisyong medikal sa mga probinsya kontra COVID-19 ay kasalukuyang isinusulong sa Senado ang House Bill 6036 at House Bill 6144.

**SEC. ANDANAR:** Simulan na po natin ang ating talakayan. Para sa ating unang panauhin, kumustahin po natin ang kasalukuyang lagay ng COVID-19 sa bansa kasama si Undersecretary Maria Rosario Vergeire ng Department of Health. Ma'am, magandang umaga po.

**USEC. VERGEIRE:** Good morning po.

**SEC. ANDANAR:** Yes, ma'am. Nitong mga nakaraang araw po ay nagkaroon ng delay sa mga impormasyon about COVID-19 sa inyong COVID-19 tracker, ganoon din iyong confusion about sa categories ng confirmed cases na inyong inilabas, itong fresh at late cases. At kahapon po nga sa inyong press briefing ay ipinaliwanag ni Ginoong Troy Gepte ang konteksto kung bakit kailangan hatiin ang confirmed COVID-19 cases. Ang tanong po natin ay, paano po natin in-address ang mga problemang ito sa pamamagitan ng inyong bagong platform, itong COVID-KAYA information system?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir 'no. So this COVID-KAYA is our means of automating our information system. So ito pong COVID-KAYA ay isang proyekto kasama po ang World Health Organization, kung saan nagkaroon po nga automated system. It's an electronic case investigation form kung saan lahat po noong ating mga units na gumagawa nitong ating case investigation form katulad ng ating mga LGUs, laboratoryo, ospital ay nakakapag-input na po na automated dito sa sistema na ito.

Sa ganitong paraan, bumibilis po ang ating mga report at nagkakaroon po tayo nang mas accurate and real time na report. Kaya po tayo nagkaroon ng mga temporary classification na 'fresh' and 'late' kasi because of COVID-KAYA, kailangan ho naming i-check iyong line list ng mga laboratoryo natin para ma-cross validate dito sa mga datos na mayroon tayo sa Kagawaran ng Kalusugan. At dito ho natin nakita na mayroon ho tayong mga newly identified confirmed cases sa line list na kailangang i-report pa rin which we are now tagging as the 'late' cases.

**SEC. ANDANAR:** Bukod sa mga kaso ng COVID-19, ano pa po ang bagong features na matatagpuan sa COVID-KAYA information system? Ano po naman itong Beat COVID-19 Today?

**USEC. VERGEIRE:** Did I hear it right, sir, Beat COVID?

**SEC. ANDANAR:** Yes. Unang-una, ano po ang mga bagong features na makikita sa COVID-KAYA information system? And the second question, ano naman po itong Beat COVID-19 Today, Philippine situationer?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Ang Beat COVID-19 Today situational report, ito po iyong ilalabas namin araw-araw. We publish it every day. We post it in our website, in our social media pages. Dito po, nakalaman po dito sa Beat COVID-19 situation report natin ang lahat-lahat po ng updates natin as to number of cases, laboratory facilities, laboratory capacity at unique

test being done, all the samples being tested, lahat po ng ating mga PPEs nandiyan, healthcare workers data at nandiyan din po iyong ating behavioral messages diyan sa ating Beat COVID-19 situation report.

Ito naman pong COVID-KAYA natin, specific po ito na ito ay isang electronic case investigation form na ginagamit ng ating mga facilities. And dito po, makakapag-input ang ating mga facilities ng kanilang mga detalye regarding po doon sa ating mga pasyente at maaari rin po itong makita ng iba nating mga kasama sa mga facilities so it can be inter-operable as well. So this would now make our system automated para po nga mas mabilis po ang ating pagbibigay ng impormasyon sa ating publiko.

**USEC. IGNACIO:** [OFF MIC] …employer na sumailalim po sila sa test muna. Ano po iyong pupuwede ninyo ibigay na guidelines para sa mga ito na bahagi ng tinatawag nating new normal?

**USEC. VERGEIRE:** Good morning, Usec. Rocky. Base po sa ating mga pamantayan ngayon ng return to work protocol ng DOH, ang atin pong nirerekumenda ay magkaroon ng symptomatic screening kung saan lahat po nang magri-resume o babalik sa trabaho kailangan ma-screen sila during that day na bumalik sila sa trabaho at makita kung may sintomas sila; kung may sintomas sila, kailangan silang i-isolate at i-test.

Ngayon, iyon naman pong isa pang kailangang itanong, kung nagkaroon sila ng sintomas for these past 14 days. So kung mayroon din po silang naging sintomas for these past 14 days, kailangan pa rin po silang i-isolate at saka i-test. So ito po iyong ating rekumendasyon para sa ating return to work protocol for testing po.

**SEC. ANDANAR:** [OFF MIC] … Usec. Maria Rosario Vergeire. Mabuhay po kayo diyan sa DOH.

**USEC. VERGEIRE:** Salamat po.

**SEC. ANDANAR:** Bukod sa masikip na daloy ng trapiko at pagdagsa ng mga pasahero sa pagbubukas ng pampublikong transportasyon sa unang araw ng implementasyon ng GCQ kahapon po ay kumustahin naman natin ang naging pagbubukas nang mas maraming business establishments dito sa Metro Manila, at mga hakbang ng DTI upang masiguro ang kaligtasan hindi lamang po ng ating mga consumer kung hindi ang mga empleyado ng mga naturang establisyemento. Makakapanayam po natin si Usec. Ruth Castelo ng Consumer Protection Group ng DTI. Magandang araw po sa inyo, Usec. Ruth.

**USEC. CASTELO:** Hi! Good morning, Sec. Martin. Good morning, Usec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** Ma'am, under GCQ ay fully operational na ang mga negosyo at establishments na nabibilang po sa Category 1 Industry gaya ng agriculture, fishery, forestry industries, food manufacturing at food supply chain business, food delivery services, health related establishments, logistics, IT at telecommunications companies at media. Sa naging

balik operasyon po ng mga nabanggit na industriya, kumusta po ang monitoring ng DTI kung sumusunod nga ba sila sa health protocols na inyong inilatag?

**USEC. CASTELO:** Yes, sir. Iyong mga businesses, mga opisina at mga negosyo that were allowed to operate already, mayroon po tayong joint memorandum circular between DTI and DOLE. These are the guidelines in the prevention of COVID-19 in the workplace. Kailangan po talaga nilang sumunod, sir, and we're monitoring. So far, iyong mga napuntahan po natin, nakaka-comply naman. But of course we'll have to do more para makita po natin na everybody talaga, both the employer and the workers, comply with our protocols.

Kahapon, sir, open na rin po iyong operation ng … in MECQ areas, at least, ng dine-in restaurants. Ang salons po and barbershops will open on June 7, sir.

**SEC. ANDANAR:** Yes, ma'am. Kumusta naman po ang pagmamatyag ng DTI sa mga presyo ng mga pangunahing bilihin? Kasi marami pa rin sa ating mga kababayan ang nagrereklamo at may mga tindahan o supermarket pa rin na mataas ang presyo ng mga basic commodities.

**USEC. CASTELO:** Opo, in terms of prices, sir, at least for manufactured food products covered by the DTI under the price act, very stable po siya, sir. We reverted back to the suggested retail price dated September 30, 2019 after the expiration of the price freeze.

Kasi, sir, iyong price freeze po is effective only 60 days, only for 60 days from the time of declaration ng state of calamity natin which was March 16. So May 15 po, na-lift na iyong price freeze, balik po tayo doon sa presyo na tinalaga natin in September of last year.

So very stable po siya, including supply, wala po tayong problema. In fact, we have been receiving requests po from the manufacturers and retailers both na i-lift na daw natin iyong anti-hoarding and anti-panic buying memorandum circular. Kasi, sir, we limited the purchase of the consumers at iyang pagbenta ng retail dahil po we prevented, of course, panic buying, iyong binibili halos lahat ng mga tinda natin doon sa retail pati po iyong mga tao na nagpa-panic buy kaya po medyo inaayos natin nang konti at the start of the ECQ. And then, we're still studying, sir, if we're going to remove the purchase limit na. Si Secretary Lopez is still looking into it, sir.

**USEC. IGNACIO:** Usec., unahin ko lang iyong tanong ni Ivan Mayrina ng GMA-7. Ito po ang tanong niya para sa inyo: Kailan daw ba puwedeng maningil at puwede bang puwersahin ng landlord ang tenant na magbayad? Isang bagsakan ba o puwedeng hulugan? Paano naman daw po ang karapatan ng property owner kung iyon lang din naman po iyong source of income nila?

**USEC. CASTELO:** Thank you, Usec. Rocky. Today, fresh from the oven iyong Memorandum Circular 20-29 natin. This is an amendment to the earlier memorandum circular on rents that was MC 2012 – ito iyong bago, 20-29 – 30-day grace period is given to the tenant either on

residential or commercial rent para makapagbayad siya or tsaka siya uumpisahang singilin 30 days from the date of the lifting of the community quarantine or kung nag-umpisa na iyong negosyo niya or nakabalik na siya sa trabaho.

And then, Usec. Rocky, ituloy ko lang. Iyong 30 days na iyon, doon pa lang siya mag-uumpisang magbayad or umpisahan siya na singilin. And then, the tenant has the option of paying in six monthly installments after the 30-day grace period. And requirement lang po, they will fill up or maybe execute a promissory note or any letter indicating their intention na mag-installment, ibigay po nila doon sa kanilang landlord or land owner.

**USEC. IGNACIO:** Usec., sa pagkakapasa naman po ng bike bill at bilang paghahanda para sa online learning sa pasukan sa Agosto at maging sa mga magwo-work from home, inaasahan din po ba na may taas presyo ang mga bisikleta at iyong mga gadget gaya ng laptops at mga tablets? Paano po ang gagawing pag-monitor dito ng DTI?

**USEC. CASTELO:** We will see po kasi before COVID, hindi siya basic or prime commodities so hindi po talaga natin iyan binantayan before COVID because it was a regular consumer product. Pero titingnan po natin ngayon, Usec., kung kailangan nating mag-impose.

But of course, this will have to be legislated; titingnan po natin kung papaano. But in the meantime, pakiusap natin sana doon sa both the business side na nagbebenta nitong mga ganitong produkto at sa consumers na kung magtataas po ng presyo ang negosyo sa bike or laptops kung puwede po iyong reasonable increases lang na hindi masyadong malaki, na masyadong masakit for the consumers dahil we understand na kailangan nila ring makabawi doon sa mga losses nila for the past 2 ½ months, pero hindi po para pagsamantalahan na natin ang consumers.

On the consumer side naman, kung mayroon pong bahagyang increase na gagawin iyong mga nagbebenta, i-report po nila sa atin and then we will see kung unreasonable po ba iyong naging increase nila, and then we'll take action. Itawag lang po nila sa DTI 1384, that's our consumer hotline; or consumercare@dti.gov.ph e-mail address.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., sa darating naman pong June 7, magbubukas na iyong mga barbershops at salons pareho po sa GCQ at MGCQ areas. Linawin lang po natin sa publiko lalo na iyong mga gustung-gusto na talagang magpa-salon o magpunta sa barbero, anu-ano po iyong mga dapat lang na serbisyong dapat ibigay sa kanila at gaano karami iyong mga pupuwedeng dapat maserbisyuhan?

Usec? Okay, babalikan po natin si Usec. Castelo. Nagkaroon lang po tayo ng problema sa ating linya komunikasyon. Kung naandiyan na po siya or—

Okay. Ngayon naman po ay makakasama naman natin ang ating tagapagsalita po ng Philippine Airlines, walang iba kung hindi si Ms. Cielo Villaluna. Magandang araw po, Ms. Cielo.

**MS. VILLALUNA:** Yes. Magandang araw sa'yo, Usec. Rocky; and of course kay Secretary Martin Andanar. Good afternoon.

**USEC. IGNACIO:** Si Secretary Martin po ay kasama natin ngayong araw na ito. Secretary Martin?

**SEC. ANDANAR:** Miss Cielo, good morning po. Kumusta po ang inyong pagbabalik operasyon sa unang araw ng GCQ?

**PAL SPOX VILLALUNA:** All right. Iyong unang operasyon po natin sa unang araw ng GCQ, ito po iyong kahapon - June 1, iyong ating Manila-San Francisco PR104, naging matagumpay naman, Secretary Mart, marami pong pasahero ang sumakay. Of course iyong profile po ng passengers, sila po ay US nationals, foreign tourist and holders of US permanent residency. Sapagkat bawal pa ang Filipino travellers sa ating mga international flight.

So, magsisimula na po iyong ating domestic flights bukas, because binigyan po tayo ng approval ng IATF kahapon papuntang Cebu, Davao, Dumaguete at Cagayan De Oro, pero at this very moment, nakatanggap po tayo ng balita that may mga additional travel requirements ang hinihingi ng Cebu at Dumaguete station. So antabayanan po natin ang anunsiyo hinggil sa mga biyaheng ito. But so far simula na po iyong ating mga domestic flights tomorrow – so, June 3 hanggang June 30. Kasang-kasa na po iyong ating mga frequencies and then for our international flights, June 1 kahapon, hanggang June 30.

**USEC. IGNACIO:** Miss Cielo, kasi siyempre alam natin magisismula na nga iyong inyong mga commercial flights, pero hindi pa rin natin maaalis iyong medyo talagang kailangan nating mag-ingat dito sa COVID-19. Anu-ano po iyong sanitary safety measures na inyong ipinatutupad para sa mga pasahero at siyempre doon sa inyong crew ng Philippine Airlines?

**PAL SPOX VILLALUNA:** All right, simulan po natin, Usec. Rocky sa ating eroplano. Ang ating mga aircraft ay napapasailalim sa tinatawag nating intensive disinfection, utilizing high grade eco-friendly disinfectant. And this cleaning process is carried out, Usec Rocky, after each and every flight; domestic and international. Ang ating mga cabin crew ay may suot na protective gear especially designed by our designer, Mr. Edwin Tan and of course, magkakaroon po tayo ng simplified food service at sa bawat stage ng passenger journey, halimbawa po sa check-in, magkakaroon po ng mga social distancing managers to ensure that social distancing is observed during the check in and boarding process. So, iyon po iyong mga safety measures.

At isang karagdagan lang po, mayroon po tayong HEPA filtration system. Sa madaling salita, ito po ay isang sistema na naka-install sa ating technological system, installed in all our aircrafts and that ensure purification of the air in the cabin. So, these are the safety measures in place, Usec Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Miss Cielo, may tanong tayo mula sa ating kasamahang si Reymund Tinaza ng Bombo Radyo. Kung galing daw po ng Iloilo, siguro kahit hindi lang Iloilo, pagdating sa NAIA kailangan pa daw pong i-quarantine daw?

**PAL SPOX VILLALUNA:** Iaanunsiyo po iyan ng IATF. Kapag domestic flight, mayroon pong testing mechanism sa domestic airport. So, I would like to tell him, Reymund Tinaza, to confer of course the details with the IATF. But what I am aware of is there is a testing mechanism upon arrival not only for flight arriving in NAIA but international arriving passengers as well, iyong tinatawag po nating testing sa triage area, which is the swab test and the succeeding quarantine period of three days, while the result are being awaited. And the passenger from the international flight test negative, ito po ay ire-release, he or she can go to his or her resident or domicile and if it is positive, the person or the passenger is endorse to a COVID hospital.

Kasi po, halimbawa, sa Davao and of course sa Bacolod, kausap ko kahapon si Mayor Leonardia. Sila po ay may set up ng mga testing mechanism doon po sa … not in the airport premises but it's very near Bacolod Airport. It is a testing center similar to what the overseas workers undergo when they arrived in Manila. So ito po iyong testing process na gagawin po sa probinsiya. So, this one applies not only in Manila but also in the province.

So iyon po, the details will be announced of course by the IATF. They are in the position to give you all these details.

**USEC. IGNACIO:** Miss Cielo, may pahabol din na tanong si Joseph Morong ng GMA 7. Ilang oras daw kailangang i-allot for passengers before flight?

**PAL SPOX VILLALUNA:** Okay. Hi, Joseph. Okay, kapag international flights, dapat nasa airport po sila ng four hours before international flights at kapag domestic three hours. Ang kadahilanan po nito, may kaunting kahabaan po iyong proseso, because sa bawat stage ng passenger journey, dapat ang mindset ng pasahero may pila. May pila sa entrada sapagkat mayroong temperature reading po tayo, processes na isasagawa bago pa man pumasok sa terminal. Pagdating sa check in counters, siyempre may espasyo sa pagitan ng bawat pasahero; pagkatapos po noon, iyong boarding process, siyempre by smaller batches para masiguro. Even pagdating po sa passenger cube, hindi po mapupuno iyon kaagad sapagkat may social distancing, so iyon po iyong aking kasagutan – three hours for domestic and four hours for international.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong pagpapaunlak sa aming panayam, Miss Cielo Villaluna ng Philippine Airlines. Salamat po.

Balikan naman po natin si DTI Undersecretary Ruth Castelo. Ma'am, are you back?

**USEC. CASTELO:** Yes, Secretary Martin. Sorry po na-cut iyong linya. Yes, sir?

**SEC. ANDANAR:** Ma'am, anu-ano po ba iyong serbisyong maihahandog ng mga barber shop at salon sa mga panahong ito?

**USEC. CASTELO:** Sir, for now, limited pa po talaga siya sa haircut lang. So other services like hair color or treatment or shaving para sa mga lalaki, hindi pa po kasama, sir. What we want sana is for the barber shop and salons to practice iyong ating health protocols na ma-practice nila iyong workers nila inside and the customers para everybody will get accustomed to these new protocols para po kapag eventually we are able to expand the allowable services, alam na po nila pare-pareho kung ano ang gagawin or kung papaano po.

**USEC. IGNACIO:** Usec. Ruth, natanong ko na rin naman iyong tanong ni Ivan Mayrina kanina. Ito na lang po mula kay Arriane Merez ng ABS-CBN News online: Many online businesses crop up during the lockdown, how does the DTI plan to regulate these?

**USEC. CASTELO:** Usec., on prices and standard, like I said ito pong suggested retail price natin on basic commodities, iyong basic necessities and prime commodities under the price act should also comply with online—those sold online should also comply with the SRP bulletin. Wala po tayong distinction noong application nito, whether it's sold physically in a physical store or online.

And DTI po, we have around 2,500 employees nationwide and siguro 500 po dito and working from home or in the frontline na nakaharap dito sa crisis natin. But, we have the rest of the 2,000 people na monitoring online, Usec. Iyan po iyong pinagawa ni Secretary Lopez, so that all of us will be on it at nakabantay po tayo and we see them. In fact, we coordinate this with the NBI and the CIDG ng PNP. Marami na pong nahuhuli actually on the overpricing, profiteering o iyong quality po ng kanilang produkto, iyong walang proper registration from FDA and other government agencies.
So, it's a warning din po against all unscrupulous individuals who plan or who have been doing this na hindi po porke naka-crisis tayo or naka-work from home ay hindi na po nagbabantay ang DTI. Ang dami po namin na nakatutok rin online.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, Undersecretary Ruth Castelo ng DTI. Mabuhay po kayo, ma'am.

**USEC. CASTELO:** Salamat po, Sec. Martin and USec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** I'll see you around, ma'am.

Rocky, kumustahin naman natin ang mga Filipino migrant workers sa Kingdom of Morocco. Makakapanayam natin finally si Consul General Maria Agnes Cervantes. Magandang araw po sa inyo, ma'am!

**CG CERVANTES:** Good morning, Sec. Andanar, USec. Rocky. Greetings from the Philippine Embassy – Rabat.

**SEC. ANDANAR:** Ma'am, kailan po at bakit kinailangan muling magbukas ng Embahada ng Pilipinas diyan sa Rabat, Morocco?

**CG CERVANTES:** We look up Morocco as a partner, an important partner of the Philippines dito sa North Africa. Sa ngayon, dalawa pa lang ang—noong wala pa si Rabat, dalawa lang ang ating embahada dito sa Africa which is in South Africa and also in Kenya.

So, ngayon ang ating gobyerno was thinking to set up our embassy here in Rabat to have closer relations with Morocco because we consider Morocco as an important member of the African Union that is why we are setting up our embassy here.

**SEC. ANDANAR:** Ilan po ulit iyong mga Pilipinong naninirahan sa Morocco at ano po ang karaniwang hanapbuhay nila diyan?

**CG CERVANTES:** Sa ating mapping, Sec., we have mapped out at least one thousand pero—dahil ang ating mga kababayan ay they are all in oil industries 'no. Iyong ano sila… mayroon tayong mga highly skilled workers, mayroon tayong mga semi-skilled, mayroon rin tayong mga nakatrabaho sa bahay. So, sila more or less there are 4,500 pero dahil bago pa lang tayo dito, ang na-mapping pa lang natin ay isanlibo.

**USEC. IGNACIO:** Ma'am, what a challenging year nga for our embassy in Morocco since it was just reestablished last year pero nandito agad iyong banta ng COVID-19. So far, how many how many confirmed cases na na-record na in Morocco at ilan po sa mga ito ang Pilipino?

**CG CERVANTES:** Ma'am, we are so lucky here because noong pataas ang local infection, ang Morocco ay nag-declare kaagad ng State of Health Emergency. So, there was a lockdown immediately at iyong ating mga kababayan naman ay sumunod naman sila sa mga health procedures at saka mga procedures na ibinigay ng gobyerno ng Morocco. So, as of now, we have not received any report na may Pilipino na nagkasakit ng COVID.

**USEC. IGNACIO:** Pero, ma'am, kumusta po iyong ating Filipino community diyan? Kumusta po iyong pakikipag-usap mo sa kanila?

**CG CERVANTES:** They are very cooperative, ma'am. That's why—dumating kami dito 27 December, pero sa ngayon we already connected with them that's why we already have a list of at least one thousand Filipinos. We have done mapping isang beses lang po dahil sa COVID, so nakapunta kami sa Tangier with our labor attaché and our representatives from the honorary consulate in Casablanca.

So, doon nag-start kami sa aming mapping and then we have point persons from the different cities of Morocco that's why we were able to get the information about one thousand Filipinos so far.

**SEC. ANDANAR:** Higit dalawang linggo matapos makapagtala ng COVID-19 case ay nagdeklara na agad ng State of Medical Emergency sa Morocco at kasabay nito ang pagri-restrict sa movements ng mga tao. What are the early measures na ipinatupad ng Morocco para ma-mitigate ang epekto ng COVID-19?

**CG CERVANTES:** Ang una po, Sec., nag-lockdown sila so people were constrained to stay in their homes and then kung lalabas dapat isa lang sa miyembro ng pamilya. So, hindi makalabas ang tao kung wala silang pass. So, this helped people na hindi sila maging infected so that is why until now mababa pa rin ang infections sa Morocco at about 7,833 today.

**SEC. ANDANAR:** How is the economic landscape diyan po sa Morocco? Dahil sa restrictions marami ring mga establishments ang hindi muna pinayagang magbukas?

**CG CERVANTES:** Of course, Sec., ang mga essential businesses lang talaga ang pina-operate nila during the lockdown. But since bumaba na ang number of infections, so now they are opening up a bit.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ma'am, alam naman namin na bago lang kayo diyan sa Morocco pero papaano po iyong koordinasyon na ginagawa ninyo sa gobyerno ng Morocco?

**CG CERVANTES:** Ma'am, we have already established our connections with them. So, we communicate with them through Viber or WhatsApp and then we also send them notes even during lockdown.

**SEC. ANDANAR:** Mensahe po sa mga kababayan nating nasa Morocco at saan at paano nila kayo mako-contact?

**CG CERVANTES:** Sec., ang ating mga kababayan ay very active with us that's why kami, magko-contact kami with them using WhatsApp, using Viber, using Messenger, iyong messages and—pero ngayon ang hinihingi nila sa amin ay matulungan iyong iba. Matulungan sila na makauwi sa Pilipinas kasi because of the economic life na ano … because of the lockdown mayroon din tayong mga kababayan na nawalan ng trabaho. So they have been asking us for help so that they can be repatriated to the Philippines. Pero sila maliit lang ang kanilang number compared to the total Filipino population in Morocco.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon at mag-iingat po kayo palagi, Consul General, Charge d'Affaires Maria Agnes Cervantes mula po sa Morocco.

**CG CERVANTES:** Thank you very much, Sec. Martin and USec. Rocky for having me. Good day to you.

**SEC. ANDANAR:** You're welcome, ma'am.

Kumustahin po natin ang pagbabalik-operasyon ng Cebu Pacific kasama po si ma'am Charo Logarta–Lagamon, ang kanilang tagapagsalita. Magandang umaga po sa inyo, ma'am!

**CEBU PACIFIC SPOX LAGAMON:** Yes. Magandang umaga, Sec. Martin and USec. Rocky and sa inyong mga listeners and viewers!

**SEC. ANDANAR:** So far po ay naging maayos po ba ang ating pagbabalik operasyon kahapon?

**CEBU PACIFIC SPOX LAGAMON:** Hindi po tayo nakapag-mount ng flights yesterday alinsunod po sa direktiba mula sa Civil Aeronautics Board at sa CAAP.

**SEC. ANDANAR:** Opo. Ang tanong po ni Joseph Morong, ma'am Charo: What do you think of the guidelines for CAB that states that travel should not be for leisure. You think it's difficult to implement?

**CEBU PACIFIC SPOX LAGAMON:** Well, we have to just be—I think we have to define what is leisure and what is not leisure.

For now kasi mayroon tayong general rule of thumb na halimbawa, if you are a locally stranded individual, iyong hindi ka taga-Maynila halimbawa, uuwi ka, iyon that obviously is not leisure. Iyong mga OFWs din po na kakarating and need to fly back home, ganoon din po hindi rin po leisure; but other than that po na more or less clear po, we need to just establish what else will be classified as non-leisure and therefore essential travel.

**USEC. IGNACIO:** Ms. Charo, ano-ano iyong COVID-19 preventive measures na inyong ipatutupad kapag nagsimula na po iyong inyong flights?

**CEBU PACIFIC SPOX LAGAMON:** We're hoping po na makapag-umpisa tayo, humihingi lang po tayo ng approval, we are coordinating with the LGUs and with the IATF but as soon as we are able to mount flights, so kasama po diyan, mandatory po ang pagsusuot ng face mask mula po sa pagtungtong ng airport hanggang pagbaba sa destination - unang-una.

Pangalawa po, lahat po ng eroplano natin, lahat ng pasilidad natin ay mas pinag-igting po ang cleaning at disinfection. And ang ginagamit po na disinfectant ay iyong hindi lamang po alcohol-based kung hindi po talagang mga kemikal na approved for use sa aviation and has 99.99% efficacy in eradicating germs, viruses and other contaminants including the coronavirus.

Pangatlo po, mayroon po tayong mga PPEs na suot po iyan ng ating mga personnel because we are trying to limit the physical contact and of course support physical distancing across all of our operations.

Ang boarding lang po, ang consequence lang po nito because we have physical distancing, check-in and boarding will take longer iyong proseso. So kailangan po mas maaga po ang ating mga pasahero sa paliparan. We advise po, about three hours before for domestic flights once we're able to restart and kumain na po muna dahil wala po tayong snacks and refreshments or drinks on board the flights para nga po hindi tanggalin iyong face mask. So ang mayroon lang po would be bottled water on board lalo na kapag medyo lunchtime iyong ating flight, kumain na po muna tayo bago mag-board ng ating mga flights.

**SEC. ANDANAR:** Sa mga kanseladong flights simula noong March, ano po ang inyong paalala sa kanila, ma'am?

**CEBU PACIFIC SPOX LAGAMON:** Well, kapag po cancelled ang ating flights, hindi po mawawala ang value ng ating ticket whatever it is 'no. Kahit promo fare iyan, kahit piso fare iyan, nandiyan po, intact po ang ating ticket. So if your flight is cancelled, you have the option to either rebook your flight, to avail of a full refund or put the full cost of the ticket in a travel fund. Ito pong mga ito, initially po, puwede po itong i-manage online, sa cebupacificair.com, iki-click lang po iyong 'manage booking'.

Ngayon kung lagpas po sa isang buwan from the travel date at hindi pa po na-manage ang booking, maaari naman pong tumawag sa aming mga hotline para po mag-avail kung anuman po ang options na puwede para sa mga pasahero.

**SEC. ANDANAR:** Ma'am Charo, sa ngalan po ng Presidential Communications Operations Office, kami din po ay nagpapasalamat sa inyong tanggapan sa pamunuan ng Cebu Pacific sa patuloy po na inyong suporta sa pamamagitan ng pagbigay po ng allowance doon sa inyong baggage pagdating po sa mga ipinapadala nating ayuda sa ating mga frontliners sa buong Pilipinas. Maraming salamat po, ma'am, sa Cebu Pacific. Thank you po.

**CEBU PACIFIC SPOX LAGAMON:** Maraming salamat din.

**SEC. ANDANAR:** Mabuhay po kayo.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, alamin na natin ang mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service mula sa ating mga lalawigan, puntahan na natin si Dennis Principe.

[NEWS REPORTING]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat, Dennis Principe.

**SEC. ANDANAR:** Alamin naman natin ang sitwasyon ng mga kababayan natin diyan sa norte kasama si Danielle Grace De Guzman ng PTV-Cordillera.

[NEWS REPORTING]

**SEC. ANDANAR:** Salamat, Danielle Grace De Guzman.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, silipin din natin ang pinakahuling balita sa Davao Region kasama si Regine Lanuza.

[NEWS REPORTING]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Regine Lanuza ng PTV-Davao. Maraming salamat sa ating mga naging panauhin ngayong araw at sa ating partner-agencies sa kanila pong patuloy na suporta at walang sawa sa paghahatid ng makabuluhang balita at impormasyon. Maraming salamat din po sa Philippine Sign Language Access Team for COVID-19 sa inyong araw-araw na pakikiisa sa ating programa. Mabuhay po kayo!

**SEC. ANDANAR:** Naku, gustuhin man namin ni Rocky na pahabain pa ang programa, pero hanggang dito na lang po talaga. Dito po nagtatapos ang ating programa para sa araw na ito ha, mayroon pa bukas. Ako po muli ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar mula sa Presidential Communications Operations Office.

**USEC. IGNACIO:** At mula pa rin po sa Presidential Communications Operations Office, ako naman po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Hanggang bukas pong muli dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

**##**

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*